Maikling Impormasyon sa Halalan sa Konsehong Pandistrito sa 2015

Petsa at Oras ng Pagboto

- 22 Nobyembre 2015 (Linggo)
- 7:30 a.m. - 10:30 p.m.

Panahon ng Nominasyon

- 2 – 15 Oktubre 2015

Pagiging Karapat-dapat para sa Nominasyon

- Isang botante na nakaabot na sa 21 taong gulang
- Karaniwan na naninirahan sa Hong Kong tatlong taon bago ang nominasyon
- Natupad ang iba pang pamantayan na itinakda sa bahagi 20 ng Ordinansa ng Konsehong Pandistrito (Cap. 547)

Mga Pamamaraan ng Nominasyon

- Ang mga form sa nominasyon ay makukuha sa mga Kagawarang Pandistrito at sa Kagawarang Pagpaparehistro at Halalan (REO) sa

10 / F, Harbour Centre, 25 Harbour Road, Wan Chai. Maaari rin nilang ma-download mula sa website REO (www.reo.gov.hk).

- Ang form sa nominasyon ay dapat na lagdaan ng 10 mga rehistradong manghahalal ng kinauukulang konstituyuwensya. Ang bawat botante ay maaaring umayon sa isa lamang na nominasyon.

Pagboto

- Ang mga rehistradong botante ay maaring bumoto sa eleksyon.
- Bawat botante ay itatalaga sa isang nakatakdang istasyon ng botohan.
- Isang kard sa pagboto na nagpapakita ng nakatalagang istasyon ng botohan ang ibibigay sa bawat botante mga 10 araw bago dumating ang araw ng botohan.
- Kung ang istasyon ng botohan na itinalaga sa isang botante ay maaaring magamit ng mga taong may kapansanan sa pagkilos ay itutukoy sa mapa na kalakip ng kard sa pagboto. Kung ang mga botante na may kapansanan sa pagkilos ay natuklasan na ang nakatalagang istasyon ng botohan ay hindi madaling puntahan ay maaaring mag-aplay sa REO para bumoto sa isang espesyal na

istasyon ng botohan na nararating ng upuang de gulong sa pamamagitan ng fax (2891 1180) o sa telepono (2891 1001) na hindi lalampas ng 17 Nobyembre 2015.

- Kung ang botante ay mangangailangan ng tulong sa pagsalin sa wika ng impormasyon sa pagboto, maaari silang tumawag sa Centre for Harmony and Enhancement of Ethnic Minority Residents (CHEER) sa pamamagitan ng mga hotline simula 9 Nobyembre 2015.

Wika	**Numero ng Hotline**
Bahasa Indonesia	3755 6811
Tagalog	
Thai	
Hindi	3755 6822
Nepali	
Urdu	3755 6833
Punjabi	

Paano bumoto?

- Dalhin ang inyong HKID card sa istasyon ng botohan at ipakita sa kawani.

- Ikaw ay bibigyan ng balota, isang paper board na may kasamang chop na may "✓" (kudlit). **Kailangan** mong gamitin ang chop na ibinigay sa iyo para markahan ang iyong balota.

- Sa loob ng silid ng pagboboto, lagyan ng chop ang bilog sa balota na katabi ng pangalan ng kandidatong napili. Bumoto sa **ISANG** kandidato lamang. Kung ikaw ay nagkamali, mangyaring ibalik ang balota sa Punong Opisyal at humingi ng kapalit.

- Itupi ng isang beses upang maikubli ang "✓" (kudlit) bago ilagay sa loob ng kahon ng balota.

Malinis na Halalan

Ayon sa mga Ordinansa (Tiwali at Ilegal na Gawain) sa Halalan (Cap. 554) na ipinapatupad ng Malayang Komisyon Laban sa Katiwalian, ang botante ay HINDI DAPAT:

- humihingi o tumatanggap ng anumang kapakinabangan (kabilang ang pera, regalo, atbp.), pagkain, inumin o libangan mula sa sinumang tao para huwag bomoto sa halalan, o pagboto o hindi pagboto sa isang natatanging kandidato;

- gumagamit o nagbabanta na gumamit ng dahas o pananakot para impluwensiyahan ang desisyon ng sinumang bumoto.

- bumoto sa isang halalan na alam na siya ay walang karapatan na gawin ito; o pagkatapos ng pagkakaroon ng sadya o walang pakundangan na pagbibigay ng mali o marayang impormasyon (hal. maling address ng tirahan) sa isang opisyal ng halalan.